REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Agosto 28, 1997

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 337, s. 1997

PAMBANSANG KUMPERENSYA SA PAGTUTURO
NG WIKA AT PANITIKAN NG SEDPIL

Sa Mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong-Guro ng mga Publiko at Pribadong
Paaralan sa Elementarya at Sekundarya

1. Ang Samahan ng mga Edukador sa Pilipinas (SEDPIL), Kagawaran ng Pagtuturo ng Filipino at Kagawarang Panitikan at Linggwistika ng Paaralang Gradwado ng PNU, sa pagtangkilik ng Komisyon sa Wikang Filipino, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon at Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay magdaraos ng Pambansang Kumperensya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Ikadalawamput Isang Siglo sa **Oktubre 14 - 16, 1997** sa awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas.

2. Pagkatapos ng seminar-worksyap, inaasahang ang mga dadalong kinatawan ay:

a. matutuklasan at matatalakay ang resulta ng mga pangkasalukuyang pananaliksik sa wika at panitikan at ang implikasyon ng mga ito sa pagtuturo;

b. magagamit ang mga napapanahong dulog at istratehya sa pagtuturo ng wika at panitikan tungo sa intelekwalisasyon ng mga guro at mag-aaral; at

k. mabisang makapaghahanda ng mga kagamitang panturo at malikhaing gawaing pangklase.

3. Ang dapat dumalo sa kumperensyang ito ay ang lahat ng panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, mga Puno ng Kagawaran sa Filipino (SSHT), sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya, publiko at pribado. Maaari ring dumalo ang mga guro sa/ng Filipino, sa pasubaling and kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras.

4. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pagaawdit ang ibabayad na isanlibong piso (P1,000.00) ng bawat kinatawan para sa rehistrasyon, handawts, sertipiko, bag at meryenda at tatlong (3) tanghalian. Manggagaling din sa pondong lokal ang halagang magugugol para sa transportasyon mula sa pinanggalingan hanggang sa lugar ng seminar-worksyap at pabalik.

5. Ang gawaing ito ay naaalinsunod sa Memorandum Sirkular Blg. 10, s. 1992 ng Komisyon ng Serbisyo Sibil sang-ayon sa itinakda ng Resolusyon Blg. 92-494.

6. Inaasahan ang malawak at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

RICARDO T. GLORIA
Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Communication Arts
CONFERENCES
LANGUAGE
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS